### Panalangin Ukol sa mga Alay

**Suscipe,** Dómine, múnera pro tuórum commemoratióne Sanctórum: ut, sicut illos pássio glorióśos effécit; ita nos devótio reddat innócuos. Per Dóminum.

**Panginoon,** tanggapin mo ang aming mga alay bilang paggunita sa Iyong mga banal; pakundangan sa nakamit nilang kaluwalhatian sa kanilang pagtitiis, mapalaya nawa kami sa kasalanan sa matimtiman naming pagganap. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

▪ *Prepasyo ng Pagsilang ng Panginoon. Sa* Canon Romano, gagamitin ang nauukol na Communicantes (Sa Aming Pakikiisa)

### Antipona sa Komunyon • *Gawa 7:56, 59-60*

**Video** cœlos apértos, et Jesum stantem a dextris virtútis Dei: Dómine Jesu, accipe spíritum meum, et ne státuas illis hoc peccátum.

**Nakita** kong bumukas ang langit, at nakatayo si Jesus sa kanang kamay ng makapangyarihang Dios: "Panginoong Jesus, tanggapin mo ang aking espiritu, at huwag mo silang papanagutin sa kasalanang ito."

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Auxillientur** nobis, Dómine, sumpta mystéria: et, intercedénte beáto Stéphano Mártyre tuo, sempitérna protectióne confírment. Per Dominum.

**Matulungan** nawa kami ng aming mga tinanggap na sakramento, Panginoon, at sa pagdalangin ni San Esteban na iyong Martir, maipagkandili nawa kami habambuhay sa Iyong paglingap at pagsasanggalang. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision sa Pagsasalin*

*Diciembre 26*




# KAPISTAHAN NI SAN ESTEBAN, Unang Martir ng Santa Iglesia

*Misa "Sederunt"*
*II cl. • Doble II cl. • Pula*

*Sa mas nakatatandang uso ng Rito Romano (ante-'55), ito ang Misa kung matapat sa Linggo.*

### Pambungad na Antipona • *Kar 8:14-15*

**Sederunt** príncipes, et advérsum me loquebántur: et iníqui persecúti sunt me: ádjuva me, Dómine, Deus meus, quia servus tuus exercebátur in tuis justificatiónibus. — *Ps 118:1* Beati immaculáti in via, qui ámbulant in lege Dómini. *V.* Gloria Patri. Sederunt.

**Nagpulong** ang mga prinsipe at nagsalita sila laban sa akin: tulungan Mo po ako, O Poong Dios ko, sapagkat ang iyong lingkod ay nagninilay sa lahat ng iyong mga tuntunin. — *Salmo 118:1* Mapalad ang mga may malinis na pamumuhay na tumatahak sa landas ng Panginoon. *V.* Luwalhati sa Ama. — Nagpulong...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DA** nobis, quǽsumus, Dómine, imitári quod cólimus: ut discámus et inimícos dilígere; quia ejus natalícia celebrámus, qui novit étiam pro persecutóribus exoráre Dóminum nostrum Jesum Christum, Fílium tuum. Qui tecum vivit et regnat.

**IPAGKALOOB** Mo, O Panginoon, na matularan namin ang pagkauliran ng aming ipinagdiriwang ngayong araw: at matutuhan nawa naming mahalin ang aming mga kaaway, sa pagsilang sa kalangitan ng marunong manalangin para sa umuusig na mga kalaban, kasama ng iyong Anak na si Jesucristo na aming Panginoon. Siyang nabubuhay at naghahari...

*May paggunita sa Octava ng Pasko ng Pagsilang sa lahat ng Misa ngayong araw.*

### SULAT • *Gawa 6:8-10; 7:54-59*

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol.

**NOONG PANAHONG IYON:** Pinagpala ng Dios si Esteban at pinagkalooban ng kapangyarihan, kaya't nakagagawa siya ng mga kababalaghan at himala sa harapan ng madla. Minsan, nakipagtalo sa kanya ang ilang kasapi sa sinagoga ng mga Pinalaya, na binubuo ng mga Judiong taga-Cirene, Alejandria, Cilicia, at Asya. Ngunit hindi nila kayang salungatin ang karunungang kaloob ng Espiritu kay Esteban. Nagngitngit sa matinding galit kay Esteban ang buong Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio nang marinig ang mga ito. Ngunit si Esteban, puspos ng Espiritu Santo, ay tumingala sa langit, at nakita niya ang kaluwalhatian ng Dios at si Hesus na nakatayo sa kanan ng Dios. Kaya't sinabi niya, "Tingnan ninyo! Nakikita kong bukás ang kalangitan, at ang Anak ng Tao na nakatayo sa kanan ng Dios." Tinakpan nila ang kanilang mga tainga at nagsigawan at sinugod nila si Esteban at kinaladkad siya palabas ng lungsod upang batuhin. Inilagay ng mga saksi ang kanilang mga balabal sa paanan ng isang binata na si Saulo. Habang binabato nila si Esteban, nanalangin siya ng ganito: "Panginoong Jesus, tanggapin mo po ang aking kaluluwa."— *R.* **Salamat sa Dios.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 44:3, 2; Ps 6:5; Gaw 7:56*

**SEDERUNT** príncipes, et advérsum me loquebántur: et iníqui persecúti sunt me.
*V.* Adjuva me, Dómine, Deus meus: salvum me fac propter misericórdiam tuam.

**NAGPULONG** ang mga prinsipe at nagsalita sila laban sa akin: ako po'y inuusig ng mga makasalanan.
*V.* Tulungan Mo po ako, O Poong Dios ko, at lingapin Mo po ako pakundangan sa iyong kagandahang-loob.

**Allelúia, allelúia.** *V.* Vídeo cœlos apértos, et Jesum stantem a dextris virtútis Dei. **Alleluia.**

**Aleluya, aleluya!** *V.* Nakita kong bumukas ang langit, at nakatayo si Jesus sa kanang kamay sa kapangyarihan ng Dios. **Aleluya.**

### EBANGHELYO • *Mt 23:34-39*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Sinabi ni Jesus sa mga eskriba at mga Pariseo: magsusugo ako sa inyo ng mga propeta, mga matatalinong tao at mga tagapagturo! Papatayin ninyo ang ilan sa kanila, at ang iba'y ipapako sa krus. Ang iba'y hahagupitin ninyo sa inyong mga sinagoga at uusigin sa bayan-bayan. Kaya nga, paparusahan kayo dahil sa pagkamatay ng lahat ng taong pinatay na walang sala, magmula kay Abel hanggang kay Zacarias na anak ni Baraquias. Pinaslang ninyo si Zacarias sa pagitan ng Templo at ng dambanang sunugan ng mga handog. Tandaan ninyo: ang parusa sa lahat ng mga pagpatay na iyon ay babagsak sa salinlahing ito." "Jerusalem, Jerusalem! Pinapatay mo ang mga propeta at binabato ang mga isinugo sa iyo! Ilang ulit kong sinikap na kupkupin ang iyong mga anak, kung paano tinitipon ng isang inahin ang kanyang mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, ngunit ayaw ninyo. Kaya't ang inyong Templo ay iiwan na lubusang pinabayaan. Sinasabi ko sa inyo, hindi na ninyo ako makikita hanggang dumating ang oras na sabihin ninyo, 'Pinagpala ang dumarating sa pangalan ng Panginoon!'"— *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya.

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Gawa 6:5; 7:59*

**ELEGERUNT** Apóstoli Stéphanum Levítam, plenum fide et Spíritu Sancto: quem lapidavérunt Judǽi orántem, et dicéntem: Dómine Jesu, áccipe spíritum meum, allelúja.

**PINILI** ng mga Apostol si Esteban na Levita, isang lalaking puspos ng pananampalataya at ng Espiritu Santo: habang pinagbabato ng mga Hudyo, siya'y nanalangin, "Panginoong Jesus, tanggapin mo ang aking kaluluwa," aleluya.